

## **Patakarán sa Privacy**

Nirebisa noong Mayo 22, 2026

### **1. SAKLAW AT APLIKASYON**

Inilalarawan ng Patakarán sa Privacy na ito kung paano maaaring mangolekta ang KINTO™, isang trademark ng Toyota Motor Credit Corporation (“TMCC”), ng personal na impormasyon tungkol sa iyo sa pamamagitan ng anumang website, kabilang ang [www.kinto-us.com/](http://www.kinto-us.com/) (ang “Website ng KINTO”), anumang interactive na feature, mga mobile application, at iba pang online na serbisyo na nagpo-post ng link sa Patakarán sa Privacy na ito, pati na rin ang anumang offline na serbisyo (kabilang ang Mga Serbisyo sa Sasakyan) na iniaalok ng KINTO (bawat isa ay “Serbisyo ng KINTO” at kapag pinagsama, ang “Mga Serbisyo ng KINTO”) Inilalarawan din ng Patakarán sa Privacy na ito kung paano namin maaaring gamitin ang impormasyon, kung kanino namin ito maaaring ibahagi, at ang iyong mga pagpipilian tungkol sa pagkolekta at paggamit ng naturang impormasyon.

Tandaan na ang KINTO ay isang serbisyong pinapatakbo ng TMCC, ngunit ang Patakarán sa Privacy na ito ay tumutukoy lamang sa Mga Serbisyo ng KINTO. Para sa impormasyon tungkol sa mga kasanayan sa privacy ng TMCC na may kaugnayan sa iba pang serbisyo bukod sa Mga Serbisyo ng KINTO, bisitahin ang patakarán sa privacy na naka-post sa <https://www.toyotafinancial.com/>. Katulad nito, para sa impormasyong may kaugnayan sa mga kasanayan sa privacy ng iba pang mga kaakibat na kumpanya ng Toyota, suriin ang mga naaangkop na paunawa sa privacy ng naturang mga kaanib na kumpanya ng Toyota.

Pakibasa nang mabuti ang Patakarán sa Privacy na ito bago mo gamitin ang Mga Serbisyo ng KINTO. Sa pamamagitan ng paggamit sa Mga Serbisyo ng KINTO, sumasang-ayon kang mapailalim at sumunod sa [Mga Tuntunin ng Serbisyo ng KINTO](#) (“Mga Tuntunin ng KINTO”). Wawakasan ang karapatan mong i-access o gamitin ang Mga Serbisyo ng KINTO kung tatanggihan o lalabagin mo ang Mga Tuntunin ng KINTO o ang Patakarán sa Privacy na ito.

### **2. PAANO KAMI NANGONGOLEKTA NG IMPORMASYON**

Puwede kaming mangolekta ng impormasyon tungkol sa iyo sa pamamagitan ng mga sumusunod na source:

- Nang direkta at hindi direkta mula sa iyo, sa pamamagitan ng Mga Serbisyo ng KINTO kapwa online (hal., website ng KINTO, mobile application, at Data ng Sasakyan) at offline (hal., mga lokasyon kung saan kami nagpapatakbo);
- Mga organisasyon na maaari naming maging kasosyo upang ibigay sa iyo ang Mga Serbisyo ng KINTO;
- Mga sasakyan ng KINTO (kabilang ang mga kaugnay na bahagi at mga device) na maaari mong imaneho o gamitin sa iba pang paraan kaugnay ng Mga Serbisyo ng KINTO;
- Impormasyong pinagsasama namin mula sa iba’t ibang source, kabilang ang online at offline na data; at
- Mula sa iba pang source na puwede mong gamitin para makipag-ugnayan sa amin.

### 3. ANG MGA URI NG PERSONAL NA IMPORMASYONG KINOKOLEKTA NAMIN

Posible kaming mangolekta ng mga sumusunod na kategorya ng personal na impormasyon:

- Mga pagkakakilanlan, tulad ng iyong pangalan, postal address, numero ng telepono, mga online identifier, IP address, email address, petsa ng kapanganakan, at numero at larawan ng lisensya sa pagmamaneho;
- Impormasyon sa pagpaparehistro ng account at pag-arkila ng sasakyan, tulad ng impormasyon ng iyong account, data sa pagiging kwalipikado, mga kredensyal sa account (hal., username at password), mga kagustuhan sa paggamit, at impormasyong nauugnay sa isang reserbasyon;
- ***Numero ng iba pang uri ng identification card na mula sa estado***
- Ulat sa Sasakyang De-Motor, tulad ng impormasyon sa mga ulat sa sasakyang de-motor na nakuha gamit ang impormasyong ibinigay mo habang nagpaparehistro ng account at mga hinuha hinggil sa nasabing mga ulat sa sasakyang de-motor;
- Personal na impormasyon sa transaksyon at pananalapi kabilang ang kasaysayan ng mga transaksyong ginawa mo sa amin sa pamamagitan ng Mga Serbisyo ng KINTO kabilang ang mga serbisyong binili, nakuha, o isinaalang-alang, mga balanse at aktibidad ng account, pati na rin ang impormasyon sa pagbabayad (hal., credit card at billing address) kung gagamitin mo ang Mga Serbisyo ng KINTO para magbayad;
- Sensitibong Personal na Impormasyon, kabilang ang numero ng lisensya sa pagmamaneho; tumpak na geolocation (impormasyon sa lokasyon sa loob ng radius na 1,850 talampakan), username at password at pagkamamamayan (kung kasama sa iyong estado ang pagkamamamayan, paninirahan o legal na katayuan sa iyong lisensya sa pagmamaneho)
- Impormasyon sa survey kabilang ang iyong mga sagot sa mga tanong sa survey na maaari naming ipadala sa iyo para sa mga layunin ng pananaliksik o upang mapabuti ang Mga Serbisyo ng KINTO;
- Nilalaman ng User na maaari mong ibigay para i-post sa publiko sa pamamagitan ng Mga Serbisyo ng KINTO kung pahihintulutan namin (hal., audio, mga larawan, video, komento, at iba pang materyales) kasabay ng anumang impormasyong ibibigay mo tungkol sa iyong sarili at sa nilalaman – maaari ding kasama rito ang metadata na nauugnay sa iyong nilalaman (tulad ng impormasyon sa lokasyon at petsa/oras na nakapaloob sa mga larawan);
- Impormasyong nauugnay sa Promosyon na kinokolekta namin kapag sumali ka sa isang referral program (hal., mga rebate) o sa iba pang mga paligsahan na maaari naming ialok;
- Mga komunikasyon sa pagitan natin, gaya ng sa pamamagitan ng e-mail, mail, telepono (hal., mga recording ng mga tawag sa aming customer service center), o iba pang channel;
- Offline na aktibidad na ginagawa mo sa amin, tulad ng aktibidad sa mga lokasyon kung saan kami nagpapatakbo;
- Aktibidad ng Online na User tulad ng inilarawan sa Seksyon 4; at
- Data ng Sasakyan tulad ng inilarawan sa Seksyon 5 sa ibaba.

Kung magbibigay ka sa amin ng impormasyon tungkol sa ibang tao, ipinahahayag mo na nakuha mo ang tahasang pahintulot ng taong iyon na ibigay sa amin ang kanyang impormasyon at payagan kaming gamitin ang impormasyong ito alinsunod sa Patakaran sa Privacy na ito.

#### 4. **NAKA-AUTOMATE NA PANGONGOLEKTA NG ONLINE NA AKTIBIDAD NG USER**

Kami, ang aming mga provider ng serbisyo at mga partner sa advertising ay puwedeng mangolekta ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa iyong device at sa iyong paggamit ng aming Mga Serbisyo ng KINTO sa mga naka-automate na paraan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga cookie, pixel, SDK, at iba pang katulad na teknolohiya sa pagsubaybay (“Online na Aktibidad ng User”). Halimbawa, ang cookie ay isang file na puwedeng ilagay sa iyong device kapag ginagamit ang aming Mga Serbisyo para matukoy ka sa natatanging paraan o para i-store ang impormasyon sa iyong device para makuha sa susunod. Ginagamit ng mga website ang mga cookie, at karamihan sa mga browser ay naka-configure na sa default na tanggapin ang mga cookie.

Kapag ginamit mo ang anumang website o app na ibinibigay namin bilang bahagi ng Mga Serbisyo ng KINTO, ang impormasyon na maaari naming kolektahin sa pamamagitan ng mga naturang naka-automate na paraan ay kinabibilangan, halimbawa, ng:

- **Mga Detalye ng Paggamit** tungkol sa interaksyon mo sa Mga Serbisyo ng KINTO (gaya ng petsa, oras, at tagal ng mga pagbisita, at mga partikular na page o content na na-access sa panahon ng mga pagbisita, mga termino para sa paghahanap, dalas ng mga pagbisita, mga nag-refer na website address);
- **Impormasyon ng device at mga pagkakakilanlan sa online** kabilang ang address ng Internet Protocol (“IP address”) at iba pang detalye ng device na ginagamit mo para kumonekta sa Mga Serbisyo ng KINTO (hal., uri ng device, identifier ng device, performance data ng app, operating system, uri ng browser, at impormasyon ng network);
- **Impormasyon sa lokasyon** ng iyong device batay sa iyong mga piniling setting sa privacy.

Karamihan sa mga browser ay nagpapahintulot sa iyo na tanggihan ang mga cookie kung nais mong limitahan ang pagkolekta ng impormasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga cookie. Gayunpaman, kung pipiliin mong tanggihan ang mga cookie, maaaring hindi mo mapakinabangan ang buong mga feature ng Mga Serbisyo ng KINTO.

#### 5. **DATA NG SASAKYAN**

Bukod sa mga kategorya ng personal na impormasyon na tinukoy sa mga seksyon sa itaas, maaari kaming mangolekta ng karagdagang personal na impormasyon kapag nagmamaneho ka o gumagamit ng sasakyan ng KINTO (ang “Mga Serbisyo ng Sasakyan”), kabilang ang impormasyong nakolekta mula sa sasakyan ng KINTO at sa mga kaugnay na bahagi at device ng sasakyan (“Sasakyan ng KINTO”) at sa iyong paggamit ng Mga Serbisyo ng Sasakyan (kapag pinagsama, “Data ng Sasakyan”), tulad ng mga petsa, oras, at lokasyon ng paggamit, distansya ng tinakbo, performance sa pagmamaneho, deteksyon ng usok, mga feature ng remote ng sasakyan, mga aksidente, at iba pang impormasyon. Maaari kaming mangolekta ng naturang impormasyon mula sa iyo, sa Sasakyan ng KINTO, at mula sa mga ikatlong partido.

## Mga Serbisyonang Nakabatay sa Lokasyon

Ang Mga Sasakyan ng KINTO ay nangongolekta at nagpapadala ng Data ng Sasakyan sa amin, kabilang ang impormasyon sa kalusugan ng sasakyan (hal., mga nakasaad sa odometer, buhay ng langis, at impormasyon mula sa onboard diagnostic system). Ginagamit ng KINTO ang data na ito para maibigay sa iyo ang Mga Serbisyo ng Sasakyan, gayundin para mapabuti ang kalidad ng Mga Serbisyo ng Sasakyan at suportahan ang pananaliksik at pagpapaunlad. Ang tumpak na geolocation ng iyong Sasakyan ng KINTO ay kinakailangan para maibigay sa iyo ng KINTO ang Mga Serbisyo ng Sasakyan. Maaari kaming gumamit ng mga serbisyonang batay sa lokasyon, hangga't pinahihintulutan ng naaangkop na batas, para subaybayan, hanapin, i-lock/unlock, o i-disable ang isang Sasakyan ng KINTO na ginagamit kaugnay ng Mga Serbisyo ng Sasakyan. Hindi namin gagamitin ang tumpak na geolocation ng iyong Sasakyan ng KINTO nang wala ang iyong pahintulot. Maaari kang magbigay ng pahintulot para sa paggamit ng KINTO sa tumpak na geolocation ng iyong Sasakyan ng KINTO sa KINTO app (i-click ito para mag-download - [App Store](#), [Google Play](#)). Ipo-prompt ka ng naturang pahintulot sa KINTO app habang ginagawa ang proseso ng pagpapareserba ng pag-upa.

Pakitandaan lamang na ang iyong pahintulot sa paggamit ng KINTO sa tumpak na geolocation ng iyong Sasakyan ng KINTO ay kinakailangan para magamit ang Mga Serbisyo ng Sasakyan. Kaya naman, hindi mo maa-access ang Mga Serbisyo ng Sasakyan ng KINTO kung tatanggihan mo ang pahintulot para sa paggamit ng KINTO sa tumpak na geolocation ng Sasakyan ng KINTO.

## 6. PAANO NAMIN GINAGAMIT ANG IMPORMASYONG KINOKOLEKTA NAMIN

Maliban kung iba ang nakasaad, puwede naming gamitin ang personal na impormasyong nakukuha namin tungkol sa iyo para sa mga sumusunod na layuning pangnegosyo at pangkomersyal na pinapayagan ng mga nalalapat na batas:

- Ibigay sa iyo ang aming Mga Serbisyo, kabilang ang para sa pag-verify ng pagkakakilanlan at para matukoy kung kwalipikado ka para sa partikular na Mga Serbisyo ng KINTO, pamahalaan ang iyong mga pakikipag-ugnayan sa amin, mga bayarin at iba pang transaksyon sa amin, i-link ang iyong account sa mga serbisyo ng ikatlong partido, para sa pangkalahatang pamamalakad at pangangasiwa ng negosyo, at tumugon sa iyong mga katanungan at iba pang komunikasyon;
- Makisangkot sa mga aktibidad para sa kasiyahan ng mamimili, kabilang ang data analytics, pananaliksik sa industriya at merkado, lead generation, pagpapatalastas, at pag-angkop ng nilalaman na ipinapakita namin sa iyo sa Mga Serbisyo ng KINTO at mga komunikasyon upang mag-alok ng mga serbisyo at impormasyon na pinaniniwalaan naming maaaring interesado;
- Ipaalam sa iyo ang tungkol sa mga pagbabago sa Patakaran sa Privacy na ito, sa aming Mga Tuntunin ng Serbisyo, at iba pang mga administratibong tungkulin o pagbabago;
- Sumunod at magpatupad, kung kinakailangan, ng mga naaangkop na legal na kinakailangan, mga pamantayan sa industriya, aming mga patakaran, at aming mga karapatan sa kontrata, kabilang ang, halimbawa, para sa mga pangangailangan sa audit, pagsunod, patakaran, pamamaraan, o regulasyon, para mapanatili ang seguridad ng aming

mga sistema at serbisyo, para i-insure ang Mga Sasakyan ng KINTO, at para mag-imbestiga ng mga claim ng customer at insurance, mga mapanlinlang na aktibidad, at mga aksidente;

- Suriin at pagbutihin ang aming mga komunikasyon at estratehiya, tulad ng pagtukoy kung kailan mo binubuksan ang isang email mula sa amin o kini-click ang isang link doon; at
- Makisangkot sa pagsusuri ng data para patakbuin, suriin, at pahasayin ang Mga Serbisyo ng KINTO, kabilang ang para sa pagsusuri at pagmomodelo ng customer, para subaybayan ang performance ng Mga Serbisyo ng KINTO sa pamamagitan ng mga sukatan gaya ng kabuuang bilang ng mga bisita, traffic, at mga pattern ng demograpiko, gayundin para i-optimize, i-diagnose, o ayusin ang mga isyu ng Mga Serbisyo ng KINTO.

## **7. ONLINE ADVERTISING**

Maaari mong makitang pino-promote ang KINTO ng iba pang mga organisasyon, sa iba't ibang website, web page, social media, at iba pang mga platform. Pakitandaan lamang na hindi sa lahat ng pagkakataon ay mayroon kaming kumpletong impormasyon tungkol sa kung saan ipinapakita o pino-promote ang KINTO, at kung naniniwala ka na ang Mga Serbisyo ng KINTO ay itinatampok sa mga lugar na hindi naaangkop o nakakasakit, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email sa [info@kinto-us.com](mailto:info@kinto-us.com).

## **8. PAANO NAMIN IBINABAHAGI ANG IYONG IMPORMASYON**

Hindi namin ibabahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga third party nang wala ang iyong pahintulot, maliban sa mga sumusunod na sitwasyon.

- Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa aming mga kaakibat na korporasyon, provider ng serbisyo, at mga vendor na pinaniniwalaan naming nangangailangan ng impormasyon para magsagawa ng teknolohiya, negosyo, o iba pang propesyonal na tungkulin para sa amin (hal., mga serbisyong IT at cloud, pagpapanatili at pag-host ng Mga Serbisyo ng KINTO, ahensya ng sasakyang de-motor, tagaproseso ng pagbabayad, provider ng serbisyong rideshare, kumpanya ng insurance, provider ng data analytics, partner sa marketing, social network, at iba pang mga service provider). Ibinibigay lamang namin sa mga naturang kaakibat, provider ng serbisyo, at vendor ang impormasyong kinakailangan para gampanan ang mga tungkulin para sa amin.
- Kasama ang mga vendor para sa paghahanda, paglulunsad, at pagsusuri ng nilalaman ng pagpapatalastas.
- Alinsunod sa mga naaangkop na batas, maaari kaming magbigay sa isang ikatlong partido ng impormasyon tungkol sa isang User ng Sasakyan (kabilang ang Data ng Sasakyan) kung: (a) mayroong reklamo, pagtatalo o salungatan, kabilang ang isang aksidente, na may kaugnayan sa isang User ng Sasakyan; (b) kinakailangan ito para ipatupad ang mga tuntunin ng anumang kasunduan sa User ng Sasakyan; (c) kinakailangan ito, sa aming sariling pagpapasya, ng naaangkop na batas, regulasyon, ordinansa, lisensya, o kasunduan sa pagpapatakbo; (d) kinakailangan ito, sa aming sariling pagpapasya, para protektahan ang kaligtasan, mga karapatan, ari-arian, o seguridad ng KINTO, ng Mga Serbisyo ng KINTO, o ng anumang ikatlong partido; para matukoy, maiwasan, o tugunan ang panloloko, mga isyu sa seguridad o teknikal; at/o para maiwasan o ihinto ang aktibidad na

ilegal, hindi etikal, o kadema-demanda gaya ng itatakda namin sa aming sariling pagpapasya.

- Kapag kinakailangan ng batas o kapag kailangan para maiwasan ang pinsala, halimbawa: (i) kinakailangan ng batas o legal na proseso gaya ng subpoena; (ii) kailangan para maiwasan ang pinsala o pagkalugi sa pananalapi; (iii) may kaugnayan sa isang imbestigasyon ng pinaghihinalaan o aktwal na mapanlinlang o ilegal na aktibidad, kabilang ang paglabag sa aming Mga Tuntunin; o (iv) sa ilalim ng mga biglaang sitwasyon para protektahan ang personal na kaligtasan ng aming staff, mga user, o ng publiko.
- May karapatan kaming ilipat ang impormasyong itinatabi namin kung sakaling ibebenta o ililipat namin ang lahat o ang bahagi ng aming negosyo o mga asset.

Lilimitahan namin ang pagbabahagi ng iyong impormasyon alinsunod sa naaangkop na batas at, kung naayon, batay sa mga kagustuhan na ibinigay mo sa amin.

## 9. MGA COOKIE

Kami, pati na rin ang mga kumpanya ng pagpapatalastas at iba pang kumpanya ng data na aming ginagamit, ay maaaring gumamit ng iba't ibang pamamaraan at teknolohiya para mag-imbak o mangolekta ng impormasyon sa paggamit (“Mga Teknolohiya sa Pagsubaybay”). Ang mga teknolohiya sa pagsubaybay ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga cookie, web beacon, web server log, embedded script, browser fingerprinting, teknolohiya sa pagkilala, at iba pang katulad na teknolohiya. Ang “cookie” ay isang text file na ipinapadala ng mga website sa computer o iba pang device ng bisita na nakakonekta sa internet para tukuyin ang browser ng bisita sa natatanging paraan o para mag-store ng mga impormasyon o setting sa browser. Ang “web beacon,” na tinatawag ding internet tag, pixel tag, o clear GIF, ay nagli-link ng mga web page sa mga web server at cookie at puwedeng gamitin para mag-transmit ng impormasyong nakolekta sa pamamagitan ng mga cookie pabalik sa isang web server. Ang impormasyong kinokolekta namin sa ganitong paraan ay maaaring kabilangan ng IP address ng iyong device, Internet Service Provider, natatanging identifier ng device, mga katangian ng web browser (kabilang ang uri at bersyon), font ng system, mga katangian at setting ng device (hal., platform ng device, bersyon, mga kagustuhan sa komunikasyon, data ng lokasyon, operating system, mga plug-in, mga kagustuhan sa wika), mga URL ng referring/exit page, clickstream data, mga pagbisita sa pahina, at mga petsa, oras, at tagal ng mga pagbisita sa website.

Ginagamit namin ang Mga Teknolohiya sa Pagsubaybay upang:

- Unawain at i-save ang iyong mga kagustuhan para sa mga susunod mong pagbisita, na nagpapahintulot sa aming i-customize ang Mga Serbisyo ng KINTO ayon sa iyong mga indibidwal na pangangailangan;
- Magpatalastas ng mga bagong nilalaman at serbisyo na may kaugnayan sa iyong mga interes;
- Subaybayan ang mga patalastas at mga resulta sa search engine;
- Mangalap ng pinagsama-samang data tungkol sa traffic at mga pakikipag-ugnayan sa website para malutas ang mga isyu at makapag-alok ng mas mahusay na mga karanasan at serbisyo sa website sa hinaharap; at
- Kilalanin kung kailan ka bumalik sa Mga Serbisyo ng KINTO.

Para i-customize ang iyong mga kagustuhan sa cookie para sa [www.kinto-us.com](http://www.kinto-us.com), kabilang ang pag-opt-out sa pagbebenta o pagbabahagi/naka-target na pagpapatalastas, i-click ang [lyong mga Pagpipilian sa Privacy](#) sa footer ng naturang website. Bukod pa rito, maaaring magpahiwatig ang iyong browser kung paano ka aabisuhan tungkol sa ilang partikular na uri ng mga naka-automate na teknolohiya sa pangongolekta at kung paano lilimitahan o i-disable ang mga ito. Gayunpaman, pakitandaan na kung wala ang mga teknolohiyang ito, maaaring hindi mo magamit ang lahat ng mga feature ng Mga Serbisyo ng KINTO. Para sa mga mobile device, posible mong mapamahalaan kung paano magbabahagi ang iyong device at browser ng ilang partikular na data ng device sa pamamagitan ng pag-adjust sa mga setting ng privacy at seguridad sa iyong mobile device.

Pakitandaan na ang mga mekanismo ng pag-opt-out na binanggit sa itaas ay partikular lamang sa device o browser kung saan mo ginamit ang mga ito. Ibig sabihin, posibleng kailanganin mong mag-opt out sa bawat browser at device na ginagamit mo.

## Google Analytics

Gumagamit kami ng Google Analytics, isang serbisyo web analytics na ibinibigay ng Google, Inc. Ang Google Analytics ay gumagamit ng mga cookie o iba pang teknolohiya sa pagsubaybay para matulungan kaming suriin kung paano nakikipag-ugnayan ang mga user sa aming website at Mga Serbisyo ng KINTO, gumawa ng mga ulat tungkol sa kanilang aktibidad, at magbigay ng iba pang mga serbisyong may kaugnayan sa kanilang aktibidad at paggamit. Ang mga teknolohiyang ginagamit ng Google ay maaaring mangolekta ng impormasyon tulad ng iyong IP address, oras ng pagbisita, kung ikaw ay nagbabalik na bisita, at anumang referring website. Ita-transmit at iso-store ng Google ang impormasyong mabubuo ng Google Analytics at mapapailalim ito sa [mga patakaran sa privacy](#) ng Google. Para alamin pa ang tungkol sa mga partner na serbisyo ng Google at para malaman kung paano mag-opt out sa pagsubaybay ng analytics ng Google, mag-click [dito](#).

Maaari kang mag-opt out sa Mga Teknolohiya sa Pagsubaybay na itinakda ng mga partikular na entity sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na matatagpuan sa mga link na ito:

- Google: <https://adssettings.google.com>
- Facebook: <https://www.facebook.com/about/ads>

Para maunawaan kung aling mga entity ang kasalukuyang may mga naka-enable na cookie para sa iyong browser o mobile device at kung paano mag-opt out sa ilan sa mga cookie na iyon, maaari mong bisitahin ang [website ng Network Advertising Initiative](#) o ang [website ng Digital Advertising Alliance](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pag-opt out na partikular sa mobile, bisitahin ang [website ng Mobile Choices ng Network Advertising Initiative](#).

Malalaman mo ang higit pa tungkol sa mga cookie at paano pamahalaan ang mga ito sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.AboutCookies.org](http://www.AboutCookies.org) o [www.allaboutcookies.org](http://www.allaboutcookies.org).

## 10. MGA OPSYON MO SA PRIVACY

Nag-aalok kami sa iyo ng ilang partikular na opsyon tungkol sa kung anong impormasyon ang kokolektahin namin mula sa iyo, paano namin gagamitin at ibabahagi ang impormasyon, at kung paano kami makikipag-ugnayan sa iyo.

- **Profile ng account:** Maaaring magbigay ang profile ng iyong account ng iba't ibang opsyon para sa uri ng personal na impormasyon na maaari mong ibigay, pati na rin sa mga uri at pamamaraan ng komunikasyon na mas gusto mo. Maaari mong tingnan o i-update ang iyong profile o hilingin ang pag-delete ng iyong profile sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong account sa KINTO app
- **Mga Pang-marketing na Email:** Paminsan-minsan, puwede kaming makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng email o iba pang channel para magbigay ng mga anunsyo, promosyonal na impormasyon, at/o iba pang pangkalahatang komunikasyon. Para mapaganda ang aming Mga Serbisyo ng KINTO, posibleng maabisuhan kami kapag nagbukas ka ng email mula sa amin o kapag nag-click ka sa isang link na naroon. Puwede mong piliing huwag makatanggap ng mga pang-marketing na email mula sa amin sa pamamagitan ng pag-click sa link na mag-unsubscribe sa mga pang-marketing na email na natatanggap mo mula sa amin. Kahit nag-opt out ka na sa pagtanggap ng mga naturang komunikasyon, puwede pa rin kaming magpadala ng mga komunikasyon sa email na hindi pang-marketing, gaya ng mga alertong pang-administratibo o alerto ng transakyon, o impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa aming mga tuntunin ng serbisyo.
- Mga text message: Kung sakaling naka-enroll ka sa Mga Serbisyo ng KINTO na nagpapadala ng mga text message sa iyo, puwede kang mag-opt out sa pamamagitan ng pagsagot ng “STOP” sa anumang natanggap na text message.
- Mga cookie: Gaya ng binanggit sa Seksyon 9 sa itaas, maaari mong i-customize ang iyong mga kagustuhan sa cookie para sa [www.kinto-us.com](http://www.kinto-us.com) sa pamamagitan ng pag-click sa [lyong mga Pagpipilian sa Privacy](#) sa footer ng KINTO website. Bukod dito, maaaring mag-alok ang ilang web browser sa mga user ng kakayahang i-disable ang pagtanggap ng ilang uri ng mga cookie; gayunpaman, kung i-di-disable ang mga cookie, ang ilang feature o functionality ng Mga Serbisyo ng KINTO ay maaaring hindi gumana
- Mga mobile device: Maaaring pahintulutan ng mga mobile device ang isang user na i-block ang ilang partikular na kahilingan sa impormasyon o mga pahintulot ng device (hal., impormasyon sa lokasyon), ngunit ang paggawa nito ay maaaring magdulot ng masamang epekto sa ilang feature o function ng Mga Serbisyo ng KINTO. Ang mga provider ng iyong mobile device o mobile operating system ay maaari ding magbigay ng mga tagubilin kung paano i-adjust ang gayong mga feature sa privacy.

## 11. MGA ABISONG PARTIKULAR SA ESTADO

- **Abiso sa mga Residente ng California**

Ayon sa California Consumer Privacy Act, alinsunod sa pag-amyenda ng California Privacy Rights Act of 2020 (“CCPA”), kailangan naming magbigay sa mga residente ng California ng patakaran sa privacy na naglalaman ng isang komprehensibong paglalarawan ng aming mga online

at offline na kasanayan tungkol sa pangongolekta, paggamit, paghahayag, pagbebenta, pagbabahagi, at pananatili ng personal na impormasyon at mga karapatan ng mga residente ng California tungkol sa kanilang personal na impormasyon. Ang seksyong ito ng Patakaran sa Privacy ay para lang sa, at nalalapit lang sa, mga residente ng California.

Inilalarawan ng CCPA ang “personal na impormasyon” bilang impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan, nauugnay, naglalarawan, makatuwirang puwedeng iugnay, o makatuwirang puwedeng ikonekta nang direkta o hindi direkta, sa isang partikular na residente o pamilya sa California. Hindi kasama sa personal na impormasyon ang mga impormasyong available sa publiko, impormasyong inalisang ng pagkakakilanlan o pinagsama-sama, o makatotohanang impormasyong nakuha sa legal na paraan para sa kapakanan ng publiko. Para sa mga layunin ng seksyong ito na “Abiso sa Mga Residente ng California,” tatawagin natin ang impormasyong ito bilang “Personal na Impormasyon.”

### **Abiso sa Pangongolekta ng Personal na Impormasyon**

Kasalukuyan kaming nangongolekta at, sa nakalipas na 12 buwan bago ang huling petsa ng pagrebisa sa Patakaran sa Privacy na ito, ay nangolekta ng mga sumusunod na kategorya ng Personal na Impormasyon:

- Mga identifier (pangalan, postal address, online identifier, email address, numero ng lisensya sa pagmamaneho);
- Mga natatanging personal na identifier (identifier ng device; mga cookie, beacon, pixel tag, identifier ng mobile ad, o iba pang katulad na teknolohiya);
- Iba pang uri ng numero ng identification card na mula sa estado;
- Personal na impormasyon na nakasaad sa batas ng California para sa mga Rekord ng Customer (California Civil Code § 1798.80(e)), hal., numero ng telepono, numero ng credit card, numero ng debit card, pati na rin ang mga kategoryang nakalista sa kategorya ng mga Identifier sa itaas;
- Impormasyon tungkol sa aktibidad sa internet o sa iba pang electronic network (impormasyon tungkol sa interaksyon mo sa mga website, mga application, o advertisement);
- Data ng geolocation;
- Komersyal na impormasyon (mga record ng mga produkto o serbisyong binili, nakuha, o ikinonsidera; history ng transaksyon);
- Mga katangian ng mga protektado ang klasipikasyon sa ilalim ng batas ng California o pederal na batas (lahi, sex/kasarian, etnikong pinagmulan), edad (40 pataas);
- Mga hinuha na kinuha mula sa mga ulat ng de-motor na sasakyan para gumawa ng profile tungkol sa consumer;
- Sensitibong Personal na Impormasyon, kabilang ang numero ng lisensya sa pagmamaneho; tumpak na geolocation, username at password, at pagkamamamayan (kung kasama sa iyong estado ang pagkamamamayan, paninirahan, o legal na katayuan sa iyong lisensya sa pagmamaneho).

Bukod sa mga kategorya ng Personal na Impormasyon na nakalista sa itaas, sa nakalipas na 12 buwan bago ang huling petsa ng pagrebisa sa Patakaran sa Privacy na ito, nangolekta din kami ng

mga numero ng Social Security. Mula noong huling petsa ng pagrebisa sa Patakaran sa Privacy na ito, hindi na kami nangongolekta ng mga numero ng Social Security ng mga User ng Sasakyan.

Nangongolekta kami ng Personal na Impormasyon nang direkta mula sa mga residente ng California at mula sa Mga Sasakyan ng KINTO na maaari mong gamitin kaugnay ng Mga Serbisyo ng KINTO, mga entity ng pamahalaan, network ng pagpapatalastas, Provider ng Serbisyo sa Internet, provider ng data analytics, operating system at platform, social network, at data broker. Hindi kami nangongolekta ng lahat ng kategorya ng Personal na Impormasyon mula sa bawat source.

Bukod pa sa mga layuning nakasaad sa itaas sa Seksyon 6 **“PAANO NAMIN GINAGAMIT ANG IMPORMASYONG KINOKOLEKTA NAMIN,”** kasalukuyan kaming nangongolekta at nakapangolekta na ng Personal na Impormasyon mula sa mga kategorya sa itaas para sa mga sumusunod na layuning pangnegosyo o komersyal:

- Pag-audit na nauugnay sa pagbibilang ng mga ad impression sa mga natatanging bisita, pag-verify sa positioning at kalidad ng mga ad impression, at pag-audit sa pagsunod gamit ang ispesipikasyong ito at iba pang pamantayan;
- Pagtulong sa pagtiyak ng seguridad at integridad sa abot ng saklaw na ang paggamit ng iyong Personal na Impormasyon ay makatwirang kinakailangan at naaayon para sa mga layuning ito;
- Pagsasagawa ng debugging para matukoy at maiayos ang mga error na nakakaapekto sa kasalukuyang pinaplanong functionality;
- Pagsasagawa ng mga serbisyo, kabilang ang pagme-maintain o pangangasiwa ng mga account, pagbibigay ng customer service, pagproseso o pagkumpleto ng mga order at transaksyon, pag-verify ng impormasyon ng kustomer, pagproseso ng mga bayad, o pagbibigay ng mga katulad na serbisyo (hal., para matukoy ang mga premium sa insurance);
- Pagsasagawa ng internal na pananaliksik para makabuo at makapagpakita ng mga bagong teknolohiya;
- Pagsasagawa ng mga aktibidad para i-verify o panatilihin ang kalidad o kaligtasan ng Mga Serbisyo ng KINTO, at para mapabuti, mai-upgrade, o mapahusay ang Mga Serbisyo ng KINTO; at
- Pagtataguyod sa aming mga komersyal o pang-ekonomiyang interes, sa pamamagitan ng paghikayat sa ibang tao na bumili, sumali, mag-subscribe, magbigay, o makipagpalitan ng mga produkto, impormasyon, o serbisyo, o pag-enable o pagdulot ng komersyal na transaksyon, nang direkta o hindi direkta

### **Pagbebenta, Pagbabahagi, at Paghahayag ng Personal na Impormasyon**

Ayon sa CCPA, ang “pagbebenta” ay ang paglilipat ng Personal na Impormasyon kapalit ng pera o iba pang mahalagang konsiderasyon. Bagaman hindi kami “nagbebenta” ng Personal na Impormasyon ayon sa karaniwang interpretasyon ng terminong iyon, nakikibahagi kami sa mga online na aktibidad na maaaring ituring na isang pagbebenta o pagbabahagi ng Personal na Impormasyon sa ilalim ng batas ng California. Puwedeng kasama rito ang mga advertisement mo sa iba pang website.

Kami ay nagbenta o nagbahagi ng Personal na Impormasyon para isulong ang aming mga komersyal at pang-ekonomiyang interes. Tinutukoy ng sumusunod na talahanayan ang mga kategorya ng Personal na Impormasyon na aming ibinenta o ibinahagi sa mga ikatlong partido sa nakalipas na 12 buwan bago ang petsa ng huling pagrebisa ng Patakaran sa Privacy na ito at, para sa bawat kategorya, ang mga kategorya ng mga ikatlong partido kung kanino namin ibinenta o ibinahagi ang Personal na Impormasyon:

**Kategorya ng Personal na Impormasyon**

Mga natatanging personal na identifier (hal., identifier ng device; mga cookie, web beacon, pixel tag, identifier ng mobile ad, o iba pang katulad na teknolohiya)

**Mga Kategorya ng mga Ikatlong Partido**

Mga network sa pagpapatalastas;  
Mga provider ng data analytics

Isiniwalat namin ang mga sumusunod na kategorya ng Personal na Impormasyon sa mga provider ng serbisyo o mga kontraktor para sa layuning pangnegosyo sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng huling pagrebisa ng Patakaran sa Privacy na ito:

- Mga identifier (hal., pangalan, postal address, online identifier, IP address, email address, numero ng Social Security, numero ng lisensya sa pagmamaneho)
- Mga natatanging personal na identifier (hal., identifier ng device; mga cookie, beacon, pixel tag, identifier ng mobile ad, o iba pang katulad na teknolohiya);
- Personal na impormasyon na nakasaad sa batas ng California sa mga Rekord ng Customer (California Civil Code § 1798.80(e)) (hal., Numero ng telepono, numero ng credit card, numero ng debit card, pati na rin ang mga kategoryang nakalista sa kategorya ng mga Identifier sa itaas);
- Data ng geolocation;
- Komersyal na impormasyon (hal., mga rekord ng mga produkto o serbisyong binili, nakuha, o ikinonsidera);
- Mga katangiang ng mga protektado ang klasipikasyon sa ilalim ng batas ng California o pederal na batas (hal., lahi, sex/kasarian, etnikong pinagmulan), edad (40 pataas); at
- Sensitibong Personal na Impormasyon, kabilang ang numero ng lisensya sa pagmamaneho; tumpak na geolocation, username at password, at pagkamamamayan (kung kasama sa iyong estado ang pagkamamamayan, paninirahan, o legal na katayuan sa iyong lisensya sa pagmamaneho).

Nagbahagi kami ng Personal na Impormasyon para sa mga sumusunod na pangnegosyo o pangkomersyal na layunin:

- Pagtulong sa pagtiyak ng seguridad at integridad sa abot ng saklaw na ang paggamit ng iyong Personal na Impormasyon ay makatwirang kinakailangan at naaayon para sa mga layuning ito;
- Pagsasagawa ng debugging para matukoy at maiayos ang mga error na nakakaapekto sa kasalukuyang pinaplanong functionality;
- Pagsasagawa ng mga serbisyo, kabilang ang pagme-maintain o pagseserbisyo sa mga account, pagbibigay ng serbisyo sa customer, pagpoproseso o pagkumpleto

sa mga order at transaksyon, pag-verify sa impormasyon ng customer, pagpoproseso sa mga pagbabayad, o pagbibigay ng mga katulad na serbisyo;

- Pagsasagawa ng mga aktibidad para ma-verify o mapanatili ang kalidad o kaligtasan ng Serbisyo ng KINTO, at para mapabuti, ma-upgrade, o mapahusay ang Serbisyo ng KINTO; at
- Pagtataguyod sa aming mga komersyal o pang-ekonomiyang interes, sa pamamagitan ng paghikayat sa ibang tao na bumili, sumali, mag-subscribe, magbigay, o makipagpalitan ng mga produkto, impormasyon, o serbisyo, o pag-enable o pagdulot ng komersyal na transaksyon, nang direkta o hindi direkta

Hindi kami nangongolekta, nagbebenta, o nagbabahagi ng Personal na Impormasyon ng mga consumer na wala pang 16 na taong gulang. Hindi namin ginagamit ang Sensitibong Personal na Impormasyon para sa mga layunin maliban sa mga pinahihintulutan ng CCPA at ng mga nauugnay na regulasyon.

### **Pagpapanatili ng Personal na Impormasyon**

Pinapanatili namin ang iyong Personal na Impormasyon hangga't kinakailangan para sa mga layunin kung bakit namin ito kinolekta, gaya ng pagbibigay sa iyo ng serbisyong hiniling mo, at para matugunan ang anumang kinakailangan sa batas, accounting, kontrata, o pag-uulat na nalalapat sa amin.

### **Ang Iyong mga Karapatan – bilang mga residente ng California**

***Kung isa kang residente ng California, may mga sumusunod kang karapatan kaugnay ng Personal na Impormasyon mo:***

- Karapatang malaman kung ano ang Personal na Impormasyong kinolekta namin tungkol sa iyo, kabilang ang mga kategorya ng Personal na Impormasyon, mga kategorya ng mga source kung saan namin kinolekta ang Personal na Impormasyon, ang pangnegosyo o pangkomersyal na layunin ng pangongolekta, pagbebenta, o pagbabahagi ng Personal na Impormasyon (kung naaangkop), ang mga kategorya ng mga third party kung kanino namin ibinabahagi ang Personal na Impormasyon (kung naaangkop), at mga partikular na piraso ng Personal na Impormasyon na nakolekta namin tungkol sa iyo;
- Ang karapatang i-delete ang Personal na Impormasyong kinolekta namin mula sa iyo, alinsunod sa ilang partikular na eksepsiyon;
- Ang karapatang itama ang mga maling Personal na Impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo;
- Kung magbebenta o magbabahagi kami ng Personal na Impormasyon, ang karapatang mag-opt out sa pagbebenta o pagbabahagi;
- Kung gagamit o magbabahagi kami ng sensitibong Personal na Impormasyon para sa mga layunin maliban sa mga pinapayagan ng CCPA at mga regulasyon nito, ang karapatang limitahan ang aming paggamit o pagbabahagi; at
- Ang karapatang hindi gantihan dahil sa paggamit ng mga karapatan sa privacy na ibinibigay ng CCPA.

## ***Kung Paano Magsumite ng Kahilingan Para Gamitin ang Iyong mga Karapatan***

Maaari kang magsumite ng kahilingan para gamitin ang iyong mga karapatan sa ilalim ng CCPA sa pamamagitan ng webform ng Kahilingan sa Privacy ng Data na makikita [rito](#) o sa pamamagitan ng pagtawag sa amin nang toll free sa 1-855-KINTO20.

Kung magsusumite ka ng kahilingang mag-delete online, maaari kang hilinging magkumpirma na nais mong ipa-delete ang iyong Personal na Impormasyon.

Kung magsusumite ka ng kahilingan para sa isang residente ng California (tinatawag ding awtorisadong ahente), pakisumite ang kahilingan sa pamamagitan ng isa sa mga itinalagang paraan na binanggit sa itaas. Pagkatapos maisumite ang kahilingan, maaari naming hilingin ang pahintulot ng indibidwal na nagpapatunay na ikaw ay binigyan niya ng awtorisasyon na kumilos sa kanyang ngalan.

### ***Ang Aming Proseso ng Pag-verify ng Kahilingang Makaalam, Mag-delete, at/o Magtama***

Para makatulong na protektahan ang iyong privacy at mapanatili ang seguridad, gagawa kami ng mga hakbang para i-verify ang iyong pagkakakilanlan at, hanggang sa lawak na naaangkop, ang pagkakakilanlan ng residente ng California na iyong kinakatawan sa paggawa ng naturang kahilingan, bago ka bigyan ng access sa iyong Personal na Impormasyon o bago tuparin ang iyong kahilingan. I-verify namin ang iyong pagkakakilanlan hanggang sa “makatuwirang antas ng kasiguraduhan” o “makatuwirang mataas na antas ng kasiguraduhan,” depende sa pagiging sensitibo ng Personal na Impormasyon at peligro ng panganib sa iyo dahil sa hindi awtorisadong pagbabahagi, pag-delete, o pagtatama, ayon sa nalalapat. Para magawa ito, hihilingin namin sa iyo na i-verify ang mga partikular na detalye ng data batay sa impormasyong nasa aming mga rekord tungkol sa iyo.

### ***Karapatang Mag-opt out sa Pagbebenta o Pagbabahagi ng Personal na Impormasyon***

Kung ikaw ay residente ng California, may karapatan ka na utusan kaming itigil ang pagbebenta o pagbabahagi ng iyong Personal na Impormasyon. Para mag-opt out sa mga pagbebenta o pagbabahagi sa pamamagitan ng mga cookie at iba pang teknolohiya sa pagsubaybay, mag-click sa aming link ng [Iyong mga Pagpipilian sa Privacy](#) sa footer ng website ng KINTO o sa pamamagitan ng isang opt-out signal tulad ng inilarawan sa Seksyon 12 sa ibaba. Kung nag-enable ka ng mga kontrol sa privacy sa iyong browser (tulad ng plugin), ituturing din namin iyon bilang wastong kahilingan para mag-opt out. Kung nais mong mag-opt out sa mga pagbebenta at pagbabahagi sa iba pang paraan maliban sa mga cookie o iba pang teknolohiya sa pagsubaybay, maaari kang magsumite ng kahilingang mag-opt out sa pagbebenta o pagbabahagi sa pamamagitan ng pag-fill out sa form ng Kahilingan sa Privacy ng Data [rito](#).

- **Abiso sa mga Residente ng Texas**

Kung residente ka ng Texas, mayroon kang mga partikular na karapatan sa privacy hinggil sa iyong personal na impormasyon sa ilalim ng Batas sa Privacy at Seguridad ng Data ng Texas (Texas Data Privacy and Security Act, “TDPSA”), kabilang ang (kung naaangkop):

- Karapatang kumpirmahin kung pinoproseso namin o hindi ang iyong personal na impormasyon at i-access ang naturang personal na impormasyon;
- Karapatang kumuha ng kopya ng iyong personal na impormasyon na aming nakolekta mula sa iyo sa isang portable at, hanggang sa lawak na posibleng gawin sa teknikal na paraan, sa madaling magagamit na format na nagpapahintulot sa iyo na maipadala ang impormasyon sa isa pang controller nang walang hadlang, kung ang data ay available sa isang digital na format;
- Karapatang i-delete ang personal na impormasyong kinolekta namin mula at/o tungkol sa iyo, alinsunod sa ilang partikular na eksepsiyon;
- Karapatang magwasto ng hindi tumpak na personal na impormasyon na aming pinapanatili tungkol sa iyo, alinsunod sa ilang partikular na eksepsiyon;
- Karapatang, kung naaangkop, mag-opt out sa pagproseso ng iyong personal na impormasyon para sa mga layunin ng (1) naka-target na pagpapatalastas; (2) “pagbebenta” ng iyong personal na impormasyon (ayon sa kahulugan ng terminong ito sa ilalim ng batas ng Texas); at (3) pag-profile para sa pagpapatuloy sa mga desisyong may legal o katulad na makabuluhang epekto sa iyo; at
- Karapatang hindi makaranas ng diskriminasyon mula sa amin dahil sa paggamit ng iyong mga karapatan sa privacy.

### ***Kung Paano Magsumite ng Kahilingan Para Gamitin ang Iyong mga Karapatan***

Para magamit ang iyong mga karapatan sa ilalim ng TDPSA, magsumite ng isang Kahilingan sa Privacy ng Data [dito](#) o tawagan kami sa 1-855-KINTO20. Kung hihilingin ng batas, susunod kami sa iyong kahilingan kapag na-verify na ang iyong pagkakakilanlan at, hanggang sa lawak na naaangkop, ang pagkakakilanlan ng indibidwal na iyong kinakatawan sa paggawa ng naturang kahilingan. Para magawa ito, hihilingin namin sa iyo na i-verify ang mga partikular na detalye ng data batay sa impormasyong nasa aming mga rekord. Ipoproseso namin ang mga kahilingan ng awtorisadong ahente alinsunod sa naaangkop na batas. Kung tatanggihan naming gumawa ng aksyon hinggil sa iyong kahilingan, maaari mong iapela ang aming desisyon sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-855-KINTO20.

### ***Karapatang Mag-Opt Out sa Naka-target na Pagpapatalastas***

Gumagamit kami ng mga cookie at iba pang teknolohiya sa pagsubaybay para magpakita sa iyo ng mga patalastas tungkol sa Mga Serbisyo ng KINTO sa mga hindi kaakibat na website, application, at serbisyong online. Ito ay itinuturing na “naka-target na pagpapatalastas” sa ilalim ng TDPSA. Kapag nakikibahagi kami sa mga aktibidad na iyon, nagbebenta kami ng personal na impormasyon (ibig sabihin, impormasyon mula sa mga cookie) sa mga ikatlong partidong kumpanya ng patalastas at analytics. Hindi namin ginagamit ang personal na impormasyon para sa pag-profile bilang pagpapatuloy sa mga desisyon na may legal o katulad na makabuluhang epekto sa mga indibidwal.

Para mag-opt out sa naka-target na pagpapatalastas sa pamamagitan ng mga cookie at iba pang teknolohiya sa pagsubaybay, maaari mong i-adjust ang iyong mga pagpipilian sa ilalim ng link na [Iyong mga Pagpipilian sa Privacy](#) sa footer ng website ng KINTO o sa pamamagitan ng isang opt-out signal tulad ng inilarawan sa Seksyon 12 sa ibaba. Kung

nag-enable ka ng mga kontrol sa privacy sa iyong browser (tulad ng plugin), ituturing din namin iyon bilang wastong kahilingan para mag-opt out. Para magamit ang iyong karapatang mag-opt out sa naka-target na pagpapatalastas sa iba pang paraan maliban sa mga cookie o iba pang teknolohiya sa pagsubaybay, magsumite ng isang Kahilingan sa Privacy ng Data sa pamamagitan ng pag-fill out sa form [dito](#) o tawagan kami sa 1-855-KINTO20. Kung hihilingin ng batas, susunod kami sa iyong kahilingan kapag na-verify na ang iyong pagkakakilanlan at, hanggang sa lawak na naaangkop, ang pagkakakilanlan ng indibidwal na iyong kinakatawan sa paggawa ng naturang kahilingan. Para magawa ito, hihilingin namin sa iyo na i-verify ang mga partikular na detalye ng data batay sa impormasyong nasa aming mga rekord. Ipoproseso namin ang mga kahilingan ng awtorisadong ahente alinsunod sa naaangkop na batas. Kung tatanggihan naming gumawa ng aksyon hinggil sa iyong kahilingan, maaari mong iapela ang aming desisyon sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-855-KINTO20.

## 12. MGA PANDAIGDIGANG MEKANISMO NG PAGTANGGI

Kinikilala ng Website ng KINTO ang signal ng Global Privacy Control (“GPC”), isang user-enabled signal na nagpapahayag ng kagustuhan ng user na mag-opt out. Ang signal ng kagustuhan sa pag-opt out ay isang signal na ipinapadala ng isang platform, teknolohiya, o mekanismo para sa iyong kapakanan na nagpapahayag ng iyong pasya na mag-opt out sa pagbebenta ng data o sa paggamit ng iyong personal na impormasyon para sa naka-target na pagpapatalastas. Kung gumagamit ka ng setting ng browser o plug-in na nagpapadala ng signal ng kagustuhan sa pag-opt out kapag binisita mo ang Website ng KINTO, ituturing namin ang signal na iyon bilang wastong kahilingan mula sa iyo na mag-opt out sa (a) pagbabahagi ng iyong personal na impormasyon para sa mga naka-target na patalastas, at (b) pagbebenta ng iyong personal na impormasyon. Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa GPC o mag-download ng browser na sumusuporta sa signal ng GPC, sa <https://globalprivacycontrol.org/orgs>. Kung pipiliin mong gamitin ang signal ng GPC, kakailanganin mo itong i-on sa bawat sinusupportahang browser o extension ng browser na ginagamit mo.

Ang ilang internet browser ay may kasamang feature na “Huwag Subaybayan” (Do Not Track) na nagpapadala ng signal sa mga website na binibisita mo na hindi mo nais na masubaybayan ang iyong online na aktibidad. Dahil walang iisang pamamaraan kung paano ipinapadala ng mga browser ang signal na “Huwag Subaybayan”, ang aming mga website, kabilang ang Website ng KINTO, ay kasalukuyang hindi tumutugon sa mga signal ng “Huwag Subaybayan”. Gayunpaman, maaari mong piliing mag-opt out sa aming paggamit ng mga cookie sa pag-target at pagpapatalastas sa website ng KINTO sa pamamagitan ng pag-click sa link na [Iyong mga Pagpipilian sa Privacy](#) sa footer ng website ng KINTO. Maaari mo ring piliing i-block ang mga cookie sa iyong browser.

## 13. PAGIGING KUMPIDENSIAL AT SEGURIDAD

Nagpapatupad kami ng sapat na administratibo, teknikal, at pisikal na pangangalaga para protektahan ang iyong personal na impormasyon laban sa aksidente, ilegal, o hindi awtorisadong pagkasira, pagkawala, pagbabago, pag-access, paghahayag, o paggamit.

Gayunpaman, walang elektronikong pagpapadala o storage ng impormasyon ang magagarantiyang 100% na ligtas. Kaya naman, hindi namin matitiyak ang seguridad ng anumang impormasyong ipinapadala mo sa amin, o magagarantiya ang proteksyon laban sa hindi awtorisadong pag-access, paghahayag, pagbabago, o pagkasira ng naturang impormasyon.

#### **14. PRIVACY NG MGA BATA**

Ang Mga Serbisyo ng KINTO ay hindi inilaan para sa mga bata na wala pang labing-anim (16) na taong gulang, at hindi rin namin ibinebenta ang aming mga produkto o serbisyo sa gayong mga bata. Hindi namin sinasadya ang pangongolekta ng anumang data mula o tungkol sa mga batang wala pang edad 16. Kung naniniwala ka na maaari kaming humawak ng anumang impormasyon mula sa o tungkol sa isang bata na wala pang 16 na taong gulang, makipag-ugnayan sa amin sa [info@kinto-us.com](mailto:info@kinto-us.com).

#### **15. PARA SA MGA APPLE IOS AT ANDROID NA USER**

Para sumunod sa aming mga legal at kontraktwal na obligasyon, maaari naming panatilihin ang mga user account at user data ng KINTO alinsunod sa aming mga patakaran sa pagpapanatili ng data. Pinapanatili namin ang data na ito para: (1) sumunod sa naaangkop na batas (hal., para sa pag-uulat ng buwis); (2) magprotekta laban sa, kumilala ng, at maiwasan ang pandaraya at iba pang kriminal na aktibidad, mga paghahabol, at iba pang mga pananagutan (hal., para matukoy ang paggamit ng aming mga sasakyan para sa mga ilegal na aktibidad); (3) magpatupad ng aming mga patakaran (hal., para maiwasan ang paglabas ng mga Sasakyan ng KINTO sa Estados Unidos); (4) mag-imbetiga ng mga patuloy na insidente (hal., mga aktibong imbestigasyon ng pulisya o insurance); (5) tuparin ang aming mga kontraktwal na obligasyon (hal., para makumpleto ang isang aktibong reserbasyon ng isang customer); at (6) magpatupad ng mga kontraktwal na obligasyon (hal., para maningil sa mga customer ng anumang hindi nabayarang mga bayarin, toll, at multa). Para humiling ng pagpapa-delete ng account, tingnan ang Seksyon 10 na “Iyong mga Pagpipilian sa Privacy.”

#### **16. MGA PAGBABAGO SA AMING PATAKARAN SA PRIVACY**

Ayon sa pinahihintulutan ng batas, maaari naming baguhin ang Patakaran sa Privacy na ito sa pamamagitan ng pag-post ng nirebisang bersyon ng patakaran sa Mga Serbisyo ng KINTO, kabilang ang website ng KINTO sa [www.kinto-us.com/](http://www.kinto-us.com/). Kung malalaki ang pagbabago, magbibigay kami ng abiso ng mga pagbabago sa Mga Serbisyo ng KINTO bago ilapat ang mga pagbabago. Hinihikayat ka naming pana-panahong tingnan ang Patakaran sa Privacy na naka-post sa Mga Serbisyo ng KINTO para sa impormasyon tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy.

#### **MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN**

Kung mayroon kang anumang katanungan, alalahanin, o komento tungkol sa Patakaran sa Privacy na ito, sa aming mga kasanayan sa privacy, o kung gusto mong i-update namin ang mga impormasyon o kagustuhang ibinigay mo sa amin, makipag-ugnayan sa amin sa [info@kinto-us.com](mailto:info@kinto-us.com).

**Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Chinese, [mag-click dito](#).**

**Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Spanish (Mexico), [mag-click dito](#).**

**Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Spanish (Puerto Rico), [mag-click dito](#).**

**Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Korean, [mag-click dito](#).**

**Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Vietnamese, [mag-click dito](#).**

**Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Tagalog, [mag-click dito](#).**